Sa Berde Tayo
BERDENG SISIDLAN sa Toronto, York at East York

IKA-2 ISYU – PEBRERO/MARSO 2005

ASUL, ABO,
ngayon BERDE… ang mga kulay
ng pag-unlad
sa Toronto, York
at East York
Una, malugod ninyong tinanggap ang sisidlang asul para sa mga recyclable at ang sisidlang abo para sa inyong mga papel at cardboard. Ngayon, kung pagbabatayan ang paglahok ng mahigit 90 porsyento, ang Sisidlang Berde ay nagiging pang-araw-araw na bahagi na ng inyong buhay. Maraming salamat!

Sa tuwing nagbubukod kayo ng inyong organikong materyal tulad ng dumi/tira ng pagkain at marumi/basurang papel, inyong binabawasan ang materyales na tutungo sa tambakan ng basura.

Ngayon, hinahakot ng Toronto ang basura nito patungong Michigan. Para dito, kailangan nating sundin ang mabagsik na mga patakaran at kalakarang gumagabay sa pagtatambak ng basura. Subalit ang ating pinakalayunin ay makapaglinis, at maalis ang pangangailangan sa tambakan hanggat maaari. Ambisyosong plano ito, subalit isang hakbang sa tamang direksyon … papalayo sa Michigan.

Bago nagkaroon ng programang Berdeng Sisidlan, mahigit 30 porsyento ng basurang pumupunta sa tambakan ay organikong materyal. Inilalayo ng programang Berdeng Sisidlan mula sa tambakan ang naturang materyal, at sa halip ay ginagawa itong abono na mapapakinabangan. Sa pamamagitan ng pagsiskap ninyo at ng mga naninirahan sa Etobicoke at Scarborough, nabawasan nang mahigit 220 trak bawat buwan ang bumabiyahe patungong Michigan. Kung kayat maraming salamat sa Toronto, East York at York para sa inyong mabuting trabaho.

"…Isipin ninyo, ako'y berde at ito'y mainam. Ito'y maganda!
At para sa akin, ito ang nais ko."
Kermit the Frog

Pinaghahalu-halo ang basura sa mga Sisidlang Pang-*recycle*… Sarili ng Sisidlang Berde ang kanyang dala.

Ang mga *recyclable* sa sisidlang asul at abo ay nagsasama-sama…waring magkakabahay …naghahalu-halo. Anumang inyong sabihin, lahat ng papel, lata, botelya't plastik, atbp., ay maaari nang pagsamahin sa abo at/o asul na sisidlan. Nasasainyo ito!

Subalit sarili ng Sisidlang Berde ang dala niyang basura.

Ang pagsasama-sama ng mga *recyclable* ay tinatawag na "*single-stream*" *recycling*. Ibig sabihin ay maaari kayong magtapon ng anumang basura sa kahit anong sisidlan.

Bakit maaari nang pagsama-samahin ang inyong mga *recyclable* ngayon?

Posible na ito dahil ang aming plantang nagpoproseso ng basura ay mayroon nang teknolohiya na naghihiwalay at nagpoproseso ng mga *recyclable* mula sa asul at abong sisidlan. Sa madaling salita, kami ang naghihiwalay nito para sa inyo.

Mapapansin ninyo na pinagsasama na ng mga kolektor ng basura ang mga *recyclable* mula sa abo at asul na sisidlan sa iisang lalagyan sa likuran ng mga trak ng basura. Ang dahilan nito'y ang bagong teknolohiya. (Tandaang lahat ng trak ay may dalawang lalagyan: ang isa'y para lagi sa materyal mula sa berdeng sisidlan habang ang isa naman ay para sa mga *recyclable* o basura, depende sa iskedyul ng koleksyon).

Ang *single-stream recycling* ay nangangahulugan ding hindi na namin kailangang magpadala ng isa pang trak sa inyong kalsada para mangolekta ng mga *recyclable*.

Ang katotohanan: makabuluhan ang *single-stream recycling*.

Kaya, patuloy kayong mag-*recycle* at maghiwalay ng mga basura tulad nang dati. O paghaluin ang materyal mula sa sisidlang asul at abo sa anumang sisidlang madaling maabot ninyo. At tandaang kung puno ang isang sisidlan, gamitin ang isa pa para sa sumobra o umapaw na basura. **Anuman ang inyong gawin, alalahaning mag-*recycle*!**

SISIDLANG ABO SISIDLANG ASUL

Sobrang Plastik = Problema sa Pagpoproseso

Tama lang na palibutan ng plastik na bag ang loob ang inyong berdeng sisidlan o lalagyan ng basura sa kusina, subalit hindi tama na isama ang inyong mga plastik na bag, kasama na ang plastik na bag ng tinapay at iba pang ipinakete sa plastic, sa berdeng sisidlan. Ang sobrang plastik

ay nagdudulot ng malubhang mga problema sa katangian o kalidad ng trabaho sa plantang pamproseso.

Mangyaring alisin ang inyong mga organikong materyal sa pagkakapakete nito sa plastik bago ninyo ito itapon sa sisidlan (hal. alisin ang sandwich mula sa plastik na bag). Ang mga mekanismo sa aming plantang pamproseso ng mga organikong materyal ay dinisenyo para alisin ang plastik na bag na pumapalibot sa loob ng inyong mga sisisdlan – subalit hindi ang plastik na mga pakete.

Ang katotohanan: hindi nakakabuti ang plastik sa paggawa ng malinis at malusog na abono.

Tandaan din na:

. Kung kailangan inyong bumili ng ekstrang sisidlang pang-recycle ($6), mangyaring dumaan sa isa sa aming *transfer stations* o isa sa 37 tindahan ng Home Hardware sa Toronto. (Ngayong maaari nang paghaluin ang mga *recyclable*, ang bagong suplay ng Pamahalaang Lungsod ng mga sisidlang pang-recycle ay magiging asul na lamang. Gayunman, magagamit parin inyo ang inyong sisidlang abo para sa *recycling*.)

. Alam naming ang inyong mga sisidlang pang-*recycle* ay masyado nang napupuno. Sa ngayon mayroon kaming proyektong sinusubukan sa *east end* para ma-iksamen ang mga *pro* at *con* ng paggamit ng malaking karitong panghakot para sa *recycling*. Ang resulta ng proyektong ito ang siyang magtatakda kung palalaganapin natin sa buong lungsod ang programang ito sa malapit na hinaharap. Tinitingnan din natin ang iba pang paraang makakapagpadali sa inyong pag-r*ecycle*. Ipapaalam namin ito sa inyo sa oras na magkaroon ng impormasyon.

Sige na at paghaluin ang mga *recyclable*.
Subalit tandaan – ilagay ang inyong organikong dumi o basura sa berdeng sisidlan. Ito'y nagsasarili.
? Tinanong ninyo kami … Narito ang 3 tampok na tanong ninyo tungkol sa mga berdeng sisidlan.
(1) Dapat ba akong gumamit ng plastik na bag upang paligiran ang loob ng aking berdeng sisidlan at basurahang pangkusina?
Oo – subalit di kailangang lagyan ang dalawa.

Gumamit ng plastik na bag para sa inyong basurahang pangkusina **o** berdeng sisidlan (sapat na ang regular na bag pang-grocery). Inirerekomenda naming **huwag ninyong ilagay ng hiwa-hiwalay o kalat ang mga organikong material sa berdeng sisidlan**. Ang plastik na bag ay:

¦ makakabawas ng masamang amoy
¦ pipigil sa pagyeyelo ng mga organiko sa gilid ng sisidlan
¦ pipigil sa pagtapon o pag-apaw ng basura sa pagkuha dito
¦ makapagpapanatiling malinis ng inyong mga sisidlan.

Kung gumagamit kayo ng plastik na bag, tiyaking nakasiksik ito nang maigi sa sisidlan paglabas ninyo nito sa bangketa, kung hindi ay maaaring makaakit ang amoy sa mga hayop na hahatak at magtutumba nito.

(2) Anong aking gagawin kung masyado nang puno o mabigat ang sisidlan sa araw ng paghakot nito?
Huwag mag-alala, may dalawang mapagpipiliang hakbang.

a) Ang sisidlang mahigit sa 20 kilo (44 lbs) ang bigat ay hindi kukunin, kaya gumamit ng isang malaking *see-through* plastic na bag para sa sobrang materyal. Gamitin ang bag na ito para sa mga basurang hindi galling sa pagkain (hal. lampin ng bata) dahil hindi ito nakakaakit sa mga hayop.

b) Makakabili kayo ng isa pang berdeng sisidlan sa halagang $18
(panloob na sisidlang pangkusina sa halagang $5).
. Bumili ng berdeng sisidlan sa inyong lokal na tindahang Home Hardware o sa isa sa aming 11 City of Toronto Yards o Transfer Stations. Dumayo sa www.toronto.ca/recycle para sa talaan nito o tumawag sa 416-338-2010.

(3) Papasukin ba ng mga hayop at daga ang berdeng sisidlan?

Matibay ang mga sisidlan at dinisenyo sa paraang di-masisira o mapapasok ng mga hayop at daga, subalit may dagdag na mga hakbang kayong magagawa upang di lumapit ang mga ito:

a) Mangyaring trangkahan nang maigi ang takip ng inyong berdeng sisidlan bago ito ilabas.

b) Kung kayo'y gumagamit ng bag upang paligiran ang loob ng inyong sisidlang panlabas, mangyaring itali ang bag nang maluwag (walang twist ties) at tiyaking nakasiksik ito sa loob bago ilabas ang sisidlan. Gustung-gusto ng mga hayop na hilahin ang gilid ng mga bag, bagay na makapagpapatumba sa sisidlan.

c) Kung inyong inilalagay ang inyong berdeng sisidlan sa inyong bakuran, lagyan ito ng *bungee cord* mula sa isang hawakan, tumatawid sa ibabaw ng takip, hanggang sa kabilang hawakan nito. Alisin ang cord bago ilagay ang sisidlan sa bangketa. Tip: hindi nakakatulong ang mahahabang *cord*.

d) Kailanman maaari, ilabas ang inyong sisidlan sa umaga (bago mag-7:00 n.u.) sa halip na sa nakaraang gabi.

MAY MGA TANONG? KAILANGAN NG DAGDAG PANG IMPORMASYON?

Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa programa ng Berdeng Sisidlan, mangyaring tumawag sa Customer Service sa 416-338-2010 o tingnan ang aming web site sa www.toronto.ca/greenbin